
| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdresources.com for more | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by Ma'am ROSA HILDA P. SANTOS | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | SEPTEMBER 4 - 8, 2023 (WEEK 2) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagaganap** | Nakapagbibigay ng sariling pamagat para sa napakinggang kuwento at pagsasagawa ng roundtable na pag-uusap tungkol sa isyu o paksang napakinggan | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan)** | Nasasagot ang mga tanong mula sa napakinggang tula<br>Nakikila ang kahulugan ng wastong pagkain sa kalusugan ng mamamayan<br>F5PS-Ia-j-1/Pahina 67 ng 143 | Nakapagbibigay ng sariling opinion o reaksyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan<br>Nasasagot ang mga tanong tungkol sa balitang narining.<br>Nabibigyang halaga ang ginawang kadakilaan ng mga bayani<br>F5PS-Ia-j-1-Pagsasalita/ Pahina 67 ng 143 | Natutukoy ang dami o bilang ng pangngalan<br>Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan sa pagtalakay tungkol sa sarili, sa mga tao,hayop, lugar, bagay at pangyayari sa paligid<br>F5WG-Ia-e-2/ Pahina 67 ng 143 | Natutukoy ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng gamit sa pangungusap<br>Naitatala ang ang mga mahahalagang impormasyon mula sa binasang teksto<br>Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kwento sa tulong ng balangkas<br>F5PT-Ia-b-1.14, F5EP-Ib-10, F5PB-Ib-5.4/ Pahina 67 ng 143 | Nasasagot ang mga tanong bago at pagkatapos manood ng pelikula.<br>Naipakikita ang disiplina habang nanonood ng pelikula.<br><br>F5PD-Ib-10/ Pahina 67 ng 143 |
| ***II. NILALAMAN*** | Wastong Pagkain (Tula)<br>Pagsagot sa mga tanong sa napakinggang tula | Pagbibigay ng sariling opinion o reaksyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan<br>Pagbibigyang halaga ang mga nagawang kadakilaan ng mga bayani | Kailanan ng Pangngalan<br>Paggamit nang wasto ng mga pangngalan sa pagtalakay tungkol sa sarili, sa mga tao,hayop, lugar, bagay at pangyayari sa paligid | Pagtukoy ng kahulugan ng salitang pamilyar sa pamamagitan ng gamit sa pangungusap.<br>Pagtatala ang ang mga mahahalagang impormasyon mula sa binasang teksto<br>Pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kwento sa tulong ng nakalarawang balangkas | Pagsagot sa mga tanong tungkol sa pelikulang napanood<br>Pelikula: "Bayani, Andres Bonifacio |
| ***KAGAMITANG PANTURO*** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **3. Mga pahina sa Teksbuk** | Hiyas sa Pagbasa 5 p. 6 | | Pag-unlad sa Wika at Pagbasa 5 pahina 32-37<br><br>F5WG-Ia-e-2-Pagsasalita (Gramatika) | Pagbasa Filipino 5 Yaman ng Lahing Kayumanggi pp. 14-20<br>Kayumanggi Pagbasa pp.163-164 | Youtube: Bayani", Andres Bonifacio |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | Tsart, tula | Balita, larawan, tsart | Larawan, kahon, strips of cartolina, tsart | Word Hunt tsart, kwento | Telebisyon, DVD, USB o CD(maari ring gamitin ang projector at laptop), larawan ni AndresBonifacio |
| ***III. PAMAMARAAN*** | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin** | Balik-aral<br>Ano-ano ang mga pagkaing nagbibigay ng nutrisyon sa ating katawan?<br>Paano ito nakatutulong sa ating kalusugan?<br><br>2.Pagsasanay<br>Batay sa tsart, bigkasin ang mga salita.<br>malusog masayahin<br>bubuti<br>gulay prutas<br>maganda<br>lalakas titibay<br>mahaba<br>malunggay sariwa<br>pagkain | 1.Balik-aral<br>Ano-ano ang mga pagkaing nagbibigay ng nutrisyon sa ating katawan?<br><br>2.Pagsasanay<br>Idikta sa mga bata ang mga sumusunod na salita<br>1. Kalamidad<br>2. Bayanihan<br>3. Nasalanta<br>4. Inaabuso<br>5. pangangailangan | 1.Balik-aral<br>Pangkatang Gawain (Gawain 2 pahina )<br>Bigyan ang bawat pangkat ng show me board.<br>Pumili ang bawat pangkat ng isang lider na magsusulat sa show me board.<br>Sa hudyat ng guro, sasagutan ang tanong (uri ng pangngalan).<br>Ang may pinakamaraming tamang sago tang mananalo sa larong ito.<br>2.Pagsasanay<br>Basahin ang mga salitang ipapakita ng guro.<br>Pulutong ng sundalo<br>Pares ng sapatos<br>Buwig ng saging<br>Isang dalaga<br>Grupo ng mang-aawit<br><br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | 1.Balik-aral<br>Sagutin ang mga tanong:<br>Ano ang tawag sa pangngalan na maaaring isahan, dalawahan o maramihan?<br>Ito ay tumutukoy sa isa lamang pangngalan. Ang tawag dito ay _______.<br>Ito naman ay tumutukoy sa mga pangngalang tiyak na dalawa ang dami o bilang. Ano ang tawag dito?<br>Ano naman ang tawag sa pangngalan na may higit pa sa dalawa?<br><br>2.Pagsasanay<br>Ayusin ang mga sumusunod na pangyayari ayon sa tamang pagkakasunod nito sa kuwento.<br>____a. Pagtatakda ni Haring Leon ng isang kautusan tungkol sa pangangalaga sa kalikasan.<br>____b. Malakas na pagpapalakpakan at kasiyahan ng mga hayop.<br>____c. Gagantimpalaan ang susunod, parurusahan ang lalabag. | Balik-aral<br>Magbigay ng mga pamantayan bago at pagkatapos manood ng pelikula?<br><br>2.Pagsasanay<br>Pangkatang Gawain: Hulaan Mo (Mga pamagat ng teleserye) |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | ____d. Pinulong ni Haring Leon ang lahat ng hayop sa Pamahayupan.<br>____e. Pag-uulat sa ginawang pagbabantay | |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | A.Pagganyak<br>Tumawag ng limang mag-aaral. Bigyan ng strips ang bawat isa. Buuin ang pinaghiwahiwalay na salita upang makabuo ng isang pangungusap.idikit ang nabuong sagot sa Manila paper na nasa pisara.<br>Gabayan ang mga bata sa kanilang pagsasagot.<br>(Sagot: Isang kayamanan ang malusog na pangangatawan). | A.Pagganyak<br>Tingnan ang larawan sa p. __.<br>Buuin ang mga letra upang makabuo ng salita na hinango sa larawan. | A.Pagganyak<br>Magpapakita ang guro ng isang kahon na may nakalagay na strips of cartolina. Tatawag ng (5) bata upang dukutin ang nasa loob ng kahon.Pagkatapos ay babasahin ito at ididikit sa pisara ang kanilang nabunot Itapat ang salita sa bawat kahulugan nito.<br>Filipino isa<br>marami<br>Matematika<br>dalawa | A.Pagganyak<br>Pangkatang Gawain.<br>Bumuo ng (2) grupo at papilahin sa unahan kung saan ay nakadikit ang sasagutan tigkabilang grupo.<br>Pangkat 1- mga babae<br>Pangkat 2-mga lalaki<br><br>Bigyan ng limang minuto ang bawat pangkat.<br>Ano ang pakiramdam n'yo matapos masagutan o mahanap ang mga salita sa ibaba? | A.Pagganyak<br>Laro: "Pamagat ng Pelikula, Hulaan Ko"<br>Bumuo ng (2)pangkat na binubuo ng tig-lilimang miyembro.<br>Bubunot ang bawat lider kung sino ang mauuna sa paghula.<br>Bwat miyembro ay may nakalaang tig-lilimang pamagat ng palabas sa telebisyon.<br>Bigyan ng tig sampung segundo ang bawat grupo sa paghula.<br>Ang may pinakamaraming sago tang siyang mananalo sa laro.<br>. |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | B.Paglalahad<br>Pakinggan ang tulang babasahin ko na pinamagatang "Wastong Nutrisyon." Pero bago ko simulan ang pagbabasa ay nais ko munang marinig sa ninyo ang mga panuntunan sa pakikinig.<br>(Tumawag ng (3) tatlong mag-aaral upang banggitin ang mga panuntunan<br><br>*Isang kayamanan ang malusog na pangangatawan.*<br>Ang buhay ay biyaya ng Maykapal at dagdag na biyaya ang pagiging malusog. Ang pag-aalaga ng katawan upang maging malusog ang atin namang handog sa Maykapal. Paano ito magagawa?<br>*Ang taong malusog, lubhang masayahin,*<br>*matalas ang isip at hindi sakitin,*<br>*katawa'y maganda at hindi patpatin,*<br>*pagkat alam niya ang wastong pagkain.*<br>*Lusog ng katawan nasa kinakain,*<br>*ang gulay at prutas, dapat na piliin.*<br>*Sa dilis at tulya, sa puso ng saging,*<br>*lalakas ang buto, titibay ang ngipin.*<br>*Lilinaw ang mata, katawa'y lalaki,*<br>*sa sariwang gatas, itlog at kamote,*<br>*malunggay at petsay, sa isda at karne,*<br>*ang bata't matanda, lulusog, bubuti.*<br>*Sa ating pagkain laging tatandaan,*<br>*mga bitamina nitong tinataglay.*<br>*Sa sariwang prutas, isda saka gulay,* | B.Paglalahad<br>Iparirinig ng guro ang balita.<br>"Bayanihan susi sa pagbangon sa kalamidad" | B.Paglalahad<br>Tumawag ng (2) batang babasa ng usapan.<br>Pansinin ang mga salitang may salungguhit na tumutukoy sa dami o bilang ng pangngalan, na tinatawag na kailanan ng pangngalan. | . Paglalahad<br>Basahin ang kwentong pinamagatang "Ang Kapistahan ng Hulong Duhat".<br>Bago simulant ang pagbabasa ay alalahanin ang mga panuntunan. | B.Paglalahad<br>Ipaskil sa pisara ang pamagat ng pelikulang panonoorin.<br>Pag-usapan ang larawan.<br>Itanong:<br>Ano ang pamagat ng pelikula<br>Ano ang nasa larawan?<br>Ano ang ipinahihiwatig nito?<br>Anu-ano ang hula ninyong mangyayari sa kwento?<br>Ano-ano ang mga tanong na nais ninyong masagot ng pelikulang panonoorin?<br>Ipagamit ang prediction chart.<br>(Gabayan ang mga bata sa paggawa ng tanong)<br>[ TANONG ] [ HULANG KASAGUT AN ] [ TUNAY NA SAGOT ]<br><br>Sasagutan ang gawain habang nanonood ng pelikula ang limang (5) grupo. |

<table>
<tr>
<td>D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1</td>
<td>C.Pagtatalakay<br>Batay sa tulang narinig, ano-ano ang mga katangian ng taong malusog?<br>Ano ang mga pagkaing nagpapalakas ng buto at nagpapatibay ng ngipin?<br>Ano pa ang mga pagkaing nagpapalusog ng katawan?<br>Bakit masasabing isang kayamanan ang malusog na pangangatawan?<br><br>Ilagay ang sagot ng mga mag-aaral sa isang graphic organizer<br></td>
<td>C.Pagtatalakay<br>Tungkol saan ang balita?<br>Sino-sino ang mga taong nabanggit sa balita?<br>Ano ang nangyari sa balita?<br>Anong klaseng mamamayan ang mga taga- Hagonoy, Bulacan?<br>Paano ipinakita sa balita ang pagpapahalaga nila sa kanilang paaralan? Anong masasabi mo sa ginawa ng mga tao sa balita?<br>Tama ba ang ginawa nila? Bakit?<br>Ano ang gagawin mo kung mangyari din sa lugar mo ang gaya ng nagyari sa kanila?</td>
<td>C.Pagtatalakay<br>Sino ang magkausap sa dayalogo?<br>Tungkol saan ang kanilang pinag-uusapan?<br>Ano-ano ang mga salitang may salungguhit?( Isulat ng guro ang sagot sa pisara)<br>Sagot: Si, Marami at Dalawa<br>•Isahan – kung tumutukoy sa isang pangngalan. Ginagamitan ng panandang si, ni, kay at ng, pang-uring pamilang na isa, tangi, solo at bugtong.<br>Hal. Ang aklat<br>Solong anak<br>• Dalawahan- mga pangngalang tiyak na dalawa ang dami o bilang. Karaniwa'y ginagamitan ito ng panlaping mag.<br>Hal. Ang magkaibigan ay nagmamahalan.<br>Kami lang ang magkapatid.<br>• Maramihan- kung ang pangngalan ay higit pa sa dalawa. Ginagamitan ng panandang maramihan gaya ng ang mga, sina, nina, at kina. Maaari rin itong gamitan ng salitang marami, sari-sari,iba-iba at ang panlaping mag na sinusundan ng pag-uulit ng unang pantig ng isahang pangngalan.<br>Hal. sina Ana, Rona at Aida<br>Iba-ibang bulaklak<br>Sari-saring palamuti<br>Maraming bata</td>
<td>Pagtatalakay<br>Sagutin ang mga tanong.Isulat ang sagot sa loob ng kahon.
<table>
<tr><th>Tanong</th><th>Sagot</th></tr>
<tr><td>1.Tungkol saan ang kuwentong inyong binasa?</td><td></td></tr>
<tr><td>2.Saan matatagpuan ang Hulong Duhat?</td><td></td></tr>
<tr><td>3.Anong hugis ng sanga ang nakita ng lalaki?</td><td></td></tr>
<tr><td>4.Bakit ayaw ipagbili ni Doris ang sangang hugis krus?</td><td></td></tr>
<tr><td>5.Kung ikaw ang may-ari ng sangang hugis krus, ipagbibili mo ba ito? Bakit?</td><td></td></tr>
<tr><td>6.Sang-ayon ka bang putulin ang sangang hugis krus? Pangangatwiran mo ang iyong sagot.</td><td></td></tr>
<tr><td>7.Paano pinahahalagahan ng mga taga-Hulong Duhat ang krus?</td><td></td></tr>
</table></td>
<td>C.Pagtatalakay<br>Pangkatang Gawain: Talakayin ang prediction chart<br>Iuulat ng bawat grupo ang napagkayariang kasagutan.</td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Magpipinsan,<br>magkakapatid<br>Ang mga mag-aaral. | | |
| **E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Pangkatang Gawain: Bumuo ng (4) apat na grupo. Pumili ng lider at sagutan ang Gawain sa loob ng (5) limang minuto. | A.Pangkatang Gawain<br>Bumuo ng (4) apat na pangkat. Isagawa ang reaksyon sa balitang narining.<br>Pangkat I – Dula-dulaan<br>Pangkat II – Wrap<br>Pangkat III – Tula<br>Pangkat 4 – Awit<br>Bigyan ng (10) sampung minuto ang mga mag-aaral upang paghandaan ang nasabing gawainn. | Pangkatang Gawain<br>Hatiin ang klase sa (3) grupo<br>Bigyan ang bawat pangkat ng Gawain. Pumili ng lider na siyang mag-uulat ng kanilang sagot.<br><br>Pangkat I- Isahan<br>Pangkat II-Dalawahan<br>Pangkat III-Maramihan<br>Matapos ang inilaang oras, tawagin ang bawat upang magbahagi ng ulat | A.Pangkatang Gawain<br>Bumuo ng 4 na pangkat. Pumili ng lider na siyang mangunguna sa gawain.<br>Humanda sa pag-uulat ang isang miyembro ng pangkat.<br>Gawin ang Gawain Ninyo pah ___ sa loob lamang ng sampung minuto.<br>Isulat ang sagot sa Manila paper na ibibigay ng guro. | |
| **F. Paglinang sa Kabihasan (Tungo sa Formative Assessment)** | .Sagutan ang Pagyamanin Gawin Ninyo Magbugtungan Tayo pah. 2 | Isahang Gawain<br>Sagutan ang Gawain Mo p. ___ | B.Sagutan ang Gawain letrang D pah. ___ | B.Isahang Gawain<br>Sagutan ang Gawin Mo pah ___ sa isang buong papel | A. Magpapanood ng isang video clips. Sagutan ang mga tanong base sa napanood. |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay** | Paglalapat<br>Sagutan ang Pagyamanin Gawin Mo pah. 3 | Paglalapat<br>Bigyan ng reaksyon o opinion ang isyung nasa kahon.<br>Walang aklat at patnubay ang gur<br>sa pagtuturo sa lahat ng asignatu<br>sa Baitang V | F. Paglalapat<br>Sagutan ang Gawain letrang E pah. __ <br>Lagyan ng kung ang pangngalan ay isahan  kung dalawahan at  maramihan. | D.Paglalapat<br>Pagsunod-sunurin ang mga Pangyayari sa Kwento: Basahin ang isang maikling kwento na ibibigay ng guro, pagkatapos ay lagyan ng bilang ang mga bituin ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.<br>Ang Lobo at ang Ubas Minsan ay inabot ng gutom sa kagubatan ang isang lobo (wolf). Nakakita siya ng isang puno ng ubas na hitik ng hinog na bunga. "Swerte ko naman. Hinog na at tila matatamis ang bunga ng ubas," ang sabi ng lobo sa sarili. Lumundag ang lobo upang sakmalin ang isang bungkos ng hinog na ubas subalit hindi niya maabot ang bunga. Lumundag siyang muli, at muli, at muli pa subalit hindi pa rin niya maabot ang ubas. Nang mapagod na ay sumuko rin sa wakas ang lobo at malungkot na umalis palayo sa puno. "Hindi na bale, tiyak na maasim naman ang bunga ng ubas na iyon," ang sabi niya sa sarili. (http://www.katig.com/pabula_05.html<br>) Lagyan ng bilang 1-5 ang mga bituin sa ilalim nito. | Paglalapat<br>Pangkatang Gawain: Ano ang Gagawin Mo?<br>Magbigay ng mga sitwasyon tungkol sa panonood ng pelikula. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | ______Nakakita siya ng puno ng ubos na hitik ng hinog na bunga.<br><br>______Lumundag ang lobo at lumundag ng lmundag ngunit wala siya nakuha.<br>______ Sa isang kagubatan ay inabot ng gutom ang lobo.<br>______Sinabi na lamang ng lobo sa sarili na maasim naman ang bunga ng ubas.<br>______ Nasabi ng lobo sa sarili na masuwerte siya sa nakitang puno ng ubas | |
| **H. Paglalahat ng Arallin** | Paglalahat<br>Ano-ano ang mga dapat tandaan habang nakikinig sa binabasang tula.<br>Ano ang kinakailangang gawin upang mapanatiling maging malusog ang ating katawan?<br>Bakit masasabing isang kayamanan ang malusog na katawan? | Paglalahat<br>Itanong:<br>Ano-ano ang mga dapat tandaan sa pagbibigay ng reaksyo o opinion sa narining na balita o isyu? | Paglalahat<br>Ano ang tawag sa pangngalan na maaaring isahan, dalawahan o maramihan?<br>Ito ay tumutukoy sa isa lamang pangngalan. Ang tawag dito ay ______.<br>Ito naman ay tumutukoy sa mga pangngalang tiyak na dalawa ang dami o bilang. Ano ang tawag dito?<br>Ano naman ang tawag sa pangngalan na may higit pa sa dalawa? | Paglalahat<br>Ano ang dapat tandaan upang maging maayos at tama ang pagkakasunod-sunod ng kwento? | Paglalahat<br>Paano mo mapahahalagahan ang panonood sa telebisyon?<br>Anong aral ang dapat tandaan kapag nanonood sa telebisyon o ng pelikula |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | Pagtataya<br>Babasahin ko ang tulang "Balik Probinsya".<br>Sagutan ang nasa pah 3 sa kalahating bahagi ng papel.<br>"BalikProbinsya" | . Pagtataya<br>Sagutan ang Isulat Mo pah ___ | Pagtataya<br>Sagutan ang gawain F pah ___. | Pagtataya<br>Sagutan ang Sulatin Mo pah ___ | . Pagtataya<br>Ang pag-uulat ng bawat grupo ang magsisilbing pagtataya sa araw na ito. |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation** | V. Takdang-aralin<br>Magsaliksik ng isang tula tungkol sa kalusugan. Humanda sa pagbigkas sa susunod na araw. | Takdang-aralin<br>Manood ng balita sa telebisyon. Magtala ng (1) isang isyu o balita at isulat ang inyong reaksyon sa inyong kwaderno. | Takdang-aralin<br>Sumulat ng talatang naglalarawan tungkol sa buhay ng mga mag-aaral. Gamitin ang mga kailanan ng pangngalan. Lagyan ng pamagat. | Takdang-aralin<br>Maghanap ng maikling kwento . Maglagay ng limang sunod-sunod na pangyayari batay sa binasang kwento sa inyong kwaderno. | Takdang-aralin<br>Manood ng pelikula o teleserye sa telebisyon. Magtala ng mahahalagang impormasyon tungkol dito. |
| **IV. Mga Tala** | | | | | |
| **V. Pagninilay** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya | | | | | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | | | | | |
| C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin | | | | | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | | | | | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | | | | | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | | | | | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | | | | | |